
# NAHUM



Nagpropesiya si Nahum habang pabagsak na ang kapangyarihang Asirio, sa pagkamatay ni Asurbanipal na pinakahuling hari nila sa taong 626. Sa taong 612 naman, nilusob ng magkakamping mga Babilonio at mga Medo ang Ninive na kapitolyo ng mga Asirio, at winasak iyon. Pero bago pa man ito nangyari, unti-unti nang nawawala ang paghahari ng mga Asirio sa mga bayang kanilang inalipin at may matinding galit sa kanila. Kasama sa mga bayang ito ang mga Judio. Masasalamin sa mga tula ni Nahum ang puso ng isang makabayan na naniniwalang ang Panginoon ang namamahala sa kasaysayan ng mga bayan.

**1** • 1 Propesiya laban sa Ninive. Ito ang aklat ng pangitain ni Nahum na anak ni Elkos.
2 Si Yawe ay Diyos na seloso at mapaghiganti.
Naghihiganti siya at nagagalit.
3 Matagal bago magalit si Yawe
ngunit may malakas na kapangyarihan
at di pinalalampas na walang parusa ang maysala.
Naglalakad siya sa gitna ng bagyo at ipuipo,
at mga ulap ang alabok sa kanyang mga paa.
4 Pinagsabihan niya ang dagat at natuyo ito.
Lupaypay ang Basan at Karmel
at nalalanta ang bulaklak ng Lebanon.
5 Sa harap niya'y yumayanig ang mga bundok,
natutunaw ang mga burol,
lumilindol ang lupa, ang sanlibutan
at lahat ng nabubuhay rito.
6 Sino'ng makahaharap sa kanyang galit?
Sino'ng makatatagal sa kanyang nag-aapoy na poot?
Parang apoy na kumakalat ang kanyang galit,
at nabibiyak ang mga bato sa harap niya.
7 Mabuti si Yawe sa mga umaasa sa kanya,
siya ay kanlungan sa araw ng ligalig.
Kilala niya ang mga umaasa sa kanya,
8 at sinasagip sila sa baha.
Ngunit pinupuksa niya ang mga nag-aalsa,
inuusig ang kanyang mga kaaway hanggang sa dilim.
9c Di dalawang beses mangyayari ang kapahamakan.
9 Ano'ng pakana ninyo laban kay Yawe?
Siya nga ang pumupuksa.
2b Naghihiganti si Yawe sa kanyang mga kaaway
at nagagalit sa kanyang mga kalaban.
10 Mga tinik na pulu-pulupot man sila,
ganap na matutupok pa rin gaya ng tuyong dayami,
11 hanggang lumabas mula sa kanila
ang nagbabalak ng masama laban kay Yawe.
12 Kaya sinasabi ni Yawe kay Juda: "Malakas man sila at marami, malilipol sila at mapapawi. Kung hinamak man kita, di na kita hahamakin pang muli.
13 At ngayo'y wawasakin ko ang kanilang pamatok sa iyo at lalagutin ang iyong mga kadena."

---

• **1.1** Inilalahad ng panimulang awit na ito ang pinakasentrong paksa ng propesiya ni Nahum: pinahahalagahan ng Panginoon na siya lamang ang kilalaning Diyos sa sangkalupaan: sa lahat ng nangyayari sa sangkalikasan, at higit sa lahat, sa kanyang katapatan sa kanyang mga kaibigan.

Taglay ang pananalig sa salita ng Panginoon, ipinopropesiya ni Nahum sa isang nakakikilabot na tula ang pagkawasak ng Ninive sa bawat eksena nito, na sumasagisag sa paglaya mula sa lahat ng pang-aalipin.

Sa pamamagitan ni Nahum, sinasang-ayunan ng Biblia ang kaligayahan ng maliliit na bayan. Ang kaligayahang hatid ng pagkawasak ng makapangyarihang bumale-wala sa kanilang karapatan at nakapangyari dahil sa pananakot.

14 Pero narito ang utos ni Yawe sa hari ng Ninive: “Wala nang inapong magtataglay ng iyong pangalan; papawiin ko sa iyong templo ang mga inukit na rebulto at pinanday na mga estatwa, at gagawin kong bagay na kahiya-hiya ang iyong libingan.

**2** 1 Tingnan, dumarating sa kabundukan
ang mga paang may hatid ng mabuting balita,
ang nagpapahayag ng kapayapaan.
Juda, ipagdiwang ang iyong mga piyesta
at tuparin ang iyong mga panata!
Sapagkat di ka na babalikan ng di-makadiyos:
ganap na siyang napuksa.
3 Sapagkat ibinalik ni Yawe ang luwalhati ni Jacob,
siyang ipinagmamalaki ng Israel.
Winasak na nga sila ng mga tagapagwasak
at pinuksa ang kanilang mga sanga.

### Tungkol sa wakas ng Ninive

2 Guwardiyahan ang pader,
bantayan ang daan at humanda sa pagsalakay,
sapagkat nilulusob ka ng tagapagwasak.
4 Mapula ang kalasag ng kanyang mga sundalo,
damit-maharlika ang kanyang mga mandirigma.
Kumikislap ang bakal sa mga karwahe,
nakahanay na, handa sa labanan;
nagtakip ng mukha ang mga mangangabayo.
5 Sumasalakay ang mga karwahe sa mga lansangan,
paroo’t paritong sumusugod sa mga liwasan,
parang naglalagablab na mga sulo,
parang kumikislap na kidlat.
6 Tinatawag ng hari ang kanyang mga pinuno
ngunit natitisod sa kanilang pagtakbo,
patakbong sumusugod sa pader ng lunsod
at inilalagay ang tanggulan sa muog.
7 Nawawasak ang mga dike sa mga ilog
at bumabagsak din ang palasyo.
8 Inagaw ang diyosa at ipinatapon;
nananaghoy na parang mga kalapati
ang kanyang mga babaeng lingkod,
at dinadagukan ang kanilang mga dibdib.
9 Parang tangke ng tubig ang Ninive
pero tumatagas ang tubig nito, tumatakas na lahat.
“Tigil na, tigil!” pero walang bumabalik.
10 “Nakawin ang pilak, sairin ang ginto!”
pagkat walang pagkaubos ang kayamanan,
buntun-bunton nga ng mamahaling mga bagay.
11 Wasak, tiwangwang at ninakawan!
Nanghihina ang puso at nangangatog ang mga tuhod,
nanginginig ang katawan ng lahat,
namumutla ang mga mukha.
12 Nasaan na ngayon ang yungib ng mga leon,
ang lungga ng kanilang mga anak,
na pinagdadalhan nila sa kanilang mga biktima,
at walang anumang kinatatakutan?
13 Naninila ang leon para sa mga anak nito
at nanlalapa para sa kanyang kapareha;
pinupuno niya ng mga biktima ang kanyang lungga,
ng nilapang karne ang kanyang yungib.
14 Ngunit laban ako sa iyo,
wika ni Yawe ng mga Hukbo,
gagawin kong abo ang iyong mga karwahe,
at lalamunin ng tabak ang mga bata mong leon.
Wawakasan ko ang iyong mga pangungulimbat,
at di na maririnig pa ang tinig ng iyong mga tagapagbalita.

### Siyudad ng dugo

**3** 1 Kawawang siyudad ng dugo na
punung-puno ng kasinungalingan,
ng pangungulimbat, at walang-tigil na
pagnanakaw. 2 Ang hagupit ng latigo, ang
ingay ng mga gulong, mga kabayong mabilis na tumatakbo, mga karwaheng su-
musugod, 3 mga mangangabayong sumasalakay, mga tabak na kumikislap, mga sibat na kumikinang, napakaraming sugatan, bunton ng mga patay, di mabilang na mga katawan, natitisod ang bayan sa mga bangkay.

4 Ganito babayaran ng babaeng bayaran ang marami niyang pagpapabayad sa lalaki, kabigha-bighani at reyna ng pangkukulam. Inalipin niya ang mga bayan sa kanyang mga pagpapabayad sa lalaki at ang mga bansa sa kanyang pangkukulam.

5 Narito ako laban sa iyo,
salita ni Yawe ng mga Hukbo,
ilililis ko ang saya mo hanggang sa iyong mukha;

ipakikita sa mga bansa ang iyong kahubaran
at sa mga kaharian ang iyong kahihiyan.
6 Hahagisan kita ng mga dumi,
hahamakin kita at gagawing isang palabas
7 at lalayuan ka ng lahat ng makakita sa iyo.
Sasabihin nila: Guho na ang Ninive,
sino ang magluluksa sa kanya?
Saan makakakita ng aaliw sa kanya?
8 Mas magaling ka kaya kaysa No-Amon,
ang siyudad na nakaluklok sa gitna ng mga ilog,
nalilibot ng mga tubig,
at dagat ang pinakapader sa harap?
9 Ipinagtanggol siya ng Etiopia at Ehipto,
walang hanggan ang kanilang lakas;
sinaklolohan siya ng Put at Libya.
10 Ngunit nabihag pa rin siya at ipinatapon;
Ipinaghahampas ang kanyang mga sanggol
sa kanto ng bawat daan.
Pinagpalabunutan ang mga kilala sa kanya,
at ikinadena ang lahat niyang dakilang tao.
11 Malalasing ka rin, tatakas at magtatago,
at maghahanap ng kublihan mula sa kaaway.
12 Parang mga punong-igos ang iyong mga muog,
na may unang hinog na bunga;
sa oras na yugyugin, nalalaglag sa bibig ng kakain.
13 Tingnan mo ang iyong mga mamamayan,
para silang mga babae sa piling mo;
bukas na ang mga pinto ng iyong bayan sa iyong mga kaaway,
tinupok na ng apoy ang iyong mga panara.
14 Umigib ng tubig para sa pangungubkob,
patatagin ang iyong mga tanggulan!
Lamasin ang putik at apakan ang hinalong putik,
kunin ang hulmahan sa paggawa ng mga tisa.
15 Lalamunin ka roon ng apoy,
pupuksain ng tabak
kahit na isa kang bayang sindami ng mga kulisap,
di mabilang gaya ng mga balang.

16 Pinarami mo ang iyong mga negosyante,
marami pa kaysa mga bituin sa langit,
17 Parang mga balang ang iyong mga bantay,
at parang kuyog ng mga kulisap ang iyong mga opisyal
na dumadapo sa mga dingding sa araw na malamig.
Lumalabas ang araw at umaalis ang mga ito,
15c nangangalat ang mga kulisap at lumilipad,
at walang nakaaalam kung saan.
18 Tulog ang iyong mga pastol, O hari ng Asur!
Natulog din ang mga kapitan mo,
nangalat ang bayan mo sa kabundukan,
at walang titipon sa kanila.
19 Wala nang remedyo ang iyong sugat,
hindi na gagaling ang iyong kapansanan.
Lahat ay pumapalakpak
pagkarinig nila sa iyong pagbagsak,
dahil sino nga ba ang di dumanas ng walang hanggan mong kalupitan?